

WASTONG PANGANGALAGA PARA SA MABILIS NA PAGLAKI NG GUYA

Panimula:

Ang wastong pangangalaga ng guya ay isa sa mga paraan na dapat matutunan ng magsasaka para sa maunlad na paghahayupan. Sa katunayan, ang kalusugan at paglaki ng bulo o guya ay nakasalalay sa tamang pangangalaga ng inahin sa panahong ito ay nagbubuntis pa lamang hanggang sa mailuwal ang guya.

Sa unang pagkakataon, ang bagong silang na guya ay nahaharap sa mabigat na pagsubok o hamon sa buhay kumpara noong ito ay nasa sinapupunan pa lamang. Maliban sa paninibago sa kapaligiran, ito ay nahaharap din sa mga hamon para labanan ang mga impeksyon at sakit na maaaring umatake rito.


Dahil dito, ang Philippine Carabao Center sa Mariano Marcos State University, Batac City, Ilocos Norte ay nagsagawa ng maraming taong obserbasyon at pananaliksik upang maiwasan ang posibleng pagkakasakit o pagkamatay ng mga bagong silang na guyang kalabaw o baka.

Pangangalaga ng Bagong Silang na Guya

1. Pagkapanganak, ihiwalay agad sa nanay ang guya at ilagay sa kulungan na may luwang at taas na 100 sentimetro at haba na 160 sentimetro. Mainam na nakaangat mula sa lupa ng 50 sentimetro ang kulungan. Nararapat na malinis at nalagyan ng disinfectant ang kulungan. Lagyan ang sahig ng dayami bilang pansapin.



2. Linisin ang bulo o guya ng malinis na basahan, talian ang pusod ng sinulid na ibinabad sa iodine bago ito putulin ng dalawa hanggang tatlong pulgada upang hindi pasukin ng mikrobyo. Pagkatapos babaran ng iodine ang pusod.
3. Gatasan at kuhanin ang unang gatas o colostrum ng inahin 10-30 minutos hanggang isang oras pagkapanganak. Ipainom ang colostrum mula sa timba o bote 1 hanggang 3 oras pagkapanganak at ipagpatuloy ito sa loob ng 5 araw. Turuan ang guya na sumipsip ng gatas mula sa timba. Ilagay ang malinis na kamay sa loob ng timba at ipasipsip ang gatas sa pamamagitan ng daliri na nagsisilbing parang tsupon.



4. Palitan ang mga basang "beddings" at panatilihin malinis at tuyo ang kulungan nito.
5. Turukan ng Vitamin ADE isang araw pagkapanganak.
6. Magbigay din ng iron dextran 3-5 araw pagkapanganak.
7. Sa ika-anim na araw, magbigay at turuang kumain ng konsentreyt o tuyong pagkain (feeds) na may 18% protina at alinsabay nito ay maglagay sa timba ng malinis na tubig-inumin.
8. Turuan din itong kumain ng damo. Itali ang damo sa itaas ng kulungan.



9. Painumin ng gatas at magbigay ng tuyong pagkain at damo ayon sa dami at schedule na nakasulat sa Table 1.

Table 1. Rasyon ng guya mula pagkapanganak hanggang 95 araw.

Edad (araw)	Fresh Milk (litro)		Konsentreyt (gramo)		Damo (gramo)	Puna
	AM	PM	AM	PM	Maghapon	
0-5	Kolostrum					Solong Kulungan
6-15	2	2	50	50	50	Solong Kulungan
16-25	2	2	75	75	150	Solong Kulungan
26-35	2	2	100	100	250	Solong Kulungan
36-45	2	2	125	125	300	Solong Kulungan
46-55	2	2	250	250	400	Solong Kulungan
56-65	1	1	550	550	500	Solong Kulungan
66-75	1	1	550	550	Ad lib*	Solong Kulungan
76-85	1	1	550	550	Ad lib	Solong Kulungan
86-95	1	1	1 kilo	1 kilo	Ad lib	Solong Kulungan

10. Purgahin ang guya 14 araw pagkapanganak. Ulitin ito sa edad na 1 at 3 buwan.
11. Iwalay sa gatas ang bulo kapag ito ay kaya ng kumain ng isang kilong pagkain (konsentreyt) at damo sa ika-3 buwang gulang (95 araw).
12. Araw-araw panatiliing malinis at tuyo ang bahay ng bulo. Obsebahan din ito sa mga sakit na gaya ng ubo, sipon at pagtatae.

Mga Benepisyong Mula sa Teknolohiya:

Sa pamamagitan ng paggamit ng kulungan na may saping dayami, mananatiling tuyo ang guya. Maiiwasan ang pagkakabasa mula sa ihi at tae na maaaring magdulot ng sakit nito kagaya ng pagtatae, pulmonya, impeksyon ng pusod at pagkakaroon ng bulate.

Teknolohiya	Bilang ng naipanganak	Nagkasakit (%)	Namatay (%)
Solong Kulungan	70	4 (3/70)	3 (2/70)
Grupong Kulungan	47	43 (20/47)	13 (6/47)



Para sa karagdagang impormasyon
sulatan o tawagan:

DR. CATHERINE P. DABALOS
Philippine Carabao Center at MMSU
Batac City 2906, Ilocos Norte
Telefax No. (077) 792-3187
email: pccmmsu@gmail.com

WASTONG PANGANGALAGA PARA SA MABILIS NA PAGPALAKI NG GUYA



CP Dabalos, GMR Recta and JC Donato
Department of Agriculture
PHILIPPINE CARABAO CENTER
Mariano Marcos State University
Batac City, 2906 Ilocos Norte
ISO 9001:2008